
TWISTED
LULLABY
ROSE TAN

No part of this book may be reproduced, distributed, or transmitted in any form or by any means without the prior written permission of the author, except in the case of brief quotations embodied in critical reviews and certain other noncommercial uses permitted by copyright law.

This is a work of fiction. All of the characters and events portrayed in this book are either products of the author's imagination or are used fictitiously.

Twisted Lullaby © 2024 by Rose Tan
All rights reserved.

Images and illustrations are copyrighted and used with permission from their owners.

Distributed by Whimsical Books Ph

# Prologue

ITINAPAL NIYA ANG palad sa leeg ng ina para pigilan ang dugong sumisirit mula doon. Mainit. Malagkit. Tumitibok sa manipis niyang palad, pilit na tumatakas. Parang may sariling isip, lumulusot sa gilid ng kamay niya, sa pagitan ng mga daliri.

Iniangat niya nang bahagya ang palad. Agad na bumulwak ang mga dugo. Tinapalan uli niya ng palad ang hiwa sa leeg ng kanyang mama. Kumawala na naman ang mga dugo.

Napahagikhik si Amelie. Parang kinikiliti ng mga dugo ang palad niya. Inulit-ulit niya ang ginagawa hanggang mapansin niya na mabagal na ang agos ng dugo. Hindi na lumalaban sa palad niya.

“No… no…” Parang gripo na unti-unting sinasarhan ang agos ng dugo. “No…” Kinapa niya sa sahig na natakpan na ng mga dugo ang labaha. “Ouch!” Nahiwa siya. Tiningnan niya ang kamay. Hindi niya masabi kung nasaan ang hiwa dahil para siyang naka-glove na kulay pula.

Madulas ang labaha na naliligo rin sa dugo. Ipinahid niya ang handle sa pajama pants, pagkatapos ay muling hiniwa ang leeg ng kanyang mama. Mas malalim. Mas madiin.

Pero ayaw nang sumambulat ng mga dugo.

Wala nang dugo? Ubos na?

Kahit saang parte ng katawan niya hiwain ang ina, kakaunti na lang ang lumalabas na dugo. Pinagmasdan uli niya ang mga kamay. Malagkit na malagkit na ang mga dugo; hindi na umaagos.

Ibig sabihin, natalo na niya ang mga dugo. Hindi na siya sasaktan ng dugo. Marahan siyang tumayo. Kasabay ng pagpihit niya sa gawi ng pinto ang siyang pagbukas niyon.

"What the—" Halatang hindi naiintindihan ng kanyang papa ang nakikita. Wala naman itong naiintindihan masyado, lalo na kapag lasing, tulad ngayon. Humalo agad sa amoy ng mga dugo ang amoy ng alak, hindi lang sa hininga nito, sa buong katawan mismo. "A-Amelie?" anas nito.

"I had my period, Papa," aniya.

"But…" Dumako ang tingin nito sa sahig, sa pagitan ng kama at tokador. "Alice! Alice!" Tumakbo ito sa asawa pero nadulas sa mga dugo. Napatihaya; hindi makabangon. "A-Amelie… w-what have you—Get away! Get away from me!"

Lumitaw ang ugat sa leeg ng kanyang papa. Tumitibok ang ugat doon. Kaparis ng sa kanyang mama kanina nang pagalitan siya dahil ayaw niyang umahon sa bathtub. Gusto lang naman niyang panoorin ang dugong umaagos mula sa kanya. Gusto lang niyang ilabas lahat, dinudukot niya…

Kinubabawan niya ang kanyang papa. Itinaas niya ang labaha. Wala siyang nakikita

o naririnig kundi ang malaki nitong ugat sa leeg at ang pintig niyon.

Nang lumapat doon ang talim ng labaha nito, sumirit ang masaganang dugo. Parang tubig sa hose na biglang nabutas. Mainit. Itinapat niya doon ang mukha.

Napahagikhik na naman siya, inihilamos sa buong mukha ang mga dugo. Lumilikha pa iyon ng tunog sa lalamunan ng kanyang papa, parang tubig na biglang dumaloy sa drain matapos matanggalan ng bara.

May nagsalita sa pintuan.

"Ser? Mam?"

"Ate Mel?" aniya sa kanilang maid.

"A-Amelie? Bakit malansa dito?" Tuluyan nitong ibinukas ang pinto ng silid at nagtitili.

Litaw na litaw ang ugat sa leeg.

Nilapitan niya ito, dala ang labaha.

# Chapter 1
*Agatha*

"MELINDA Abiad," ulit ni Agatha sa sinabi ni Dorcas.

"Yes, the maid," sagot ni Dorcas, lalong naglitawan ang mga baba sa pagtango. Kung bakit kasi ayaw itayo ang cell phone kapag may ka-video call, para maganda-ganda naman ang anggulo, hindi iyong kitang-kita ang mga butas ng ilong nitong malaki kahit pango.

"Alam ko," aniya. "Pero ayaw ngang pa-interview, `di ba? Pinagbawalan ng pamilya ng amo niya."

"Formal interview `yon. Do'n tayo sa

hindi pormal. Imposibleng hindi nagkukuwento `yon sa mga kamag-anak at kakilala."

"So, pa'no `yon? Kahit makausap ko `yon, hindi mo siya puwedeng gamitin sa podcast."

"Pero `yong mga detalye, magagamit natin. Exclusive. Kaya `wag ka nang magdahilan, lumakad ka na. Maigi nang ikaw ang mauna doon."

"Okay." Labas sa ilong ang sagot ni Agatha.

"Don't forget to remember…" Ikinaway ni Dorcas ang hintuturo.

"`Di ba redundant `yon?" ani Agatha.

"We need—"

"Juicy," aniya.

"Good." At nawala na lang ang pagmumukha ni Dorcas sa screen niya.

Dala ang cell phone, lumabas siya ng silid at bumaba. Dumeretso siya sa komedor kung nasaan si Dorcas.

"Susi ng oto, allowance," tukoy nito sa nakapatong sa pang-animang mesa.

Binilang ni Agatha ang cash. "Five K? Gas pa lang… paano ang toll? At sa oto ako matutulog, ganern?"

"Padalhan kita sa GCash pagdating ng revenue," anito, revenue mula sa YouTube ang tinutukoy. *Inferness*, kumikita naman ito sa podcast. Bukod pa iyong income mula sa videos na nasa ibang platform.

Kapatid ng mama niya si Dorcas kaya tita niya ito, hindi lang mukhang tita. Ang nasa isip niya kapag sinabing "tita" or "auntie," dalagang cute o pa-cute. Si Dorcas, mukhang maton kahit nasa wheelchair.

Dati itong pulis na pinagretiro sa serbisyo nang madisgrasya sa isang engkuwentro. Pinutol ang dalawang binti, sa scene mismo ng insidente, para makuha ito sa tumaob na sasakyan.

Noon pa man, astig na sa paningin ni Agatha si Dorcas kahit hindi pa siya sigurado kung lesbian ang tiyahin, o mukha lang talagang lalaki, o napilitan lang panindigan ang hitsura. Maiksi ang coarse na buhok,

parang nakaluwa ang malalaking mata sa likod ng napakakapal na salamin, makapal ang nguso, at ang ilong, big and fleshy and flat. Ang katawan, walang korte; mataba, malaki ang tiyan. Kahit noong hindi pa ito invalid, T-shirt, jeans, at sneakers lang ang porma. Ngayon, ganoon pa rin, minus the sneakers. Duh.

Parang natanggap naman agad ni Dorcas ang kapalaran nito, and that was something Agatha admired about her aunt. Nang maka-recover sa mga pinsala, naglunsad ng crime podcast; doon ginamit ang pagkaimbestigador. 2018 inilunsad ang Night Eye the Podcast, na mga kakaiba at kahindik-hindik na krimen sa Pilipinas ang mga paksa. Bilang dating pulis, may listahan ng mga ganoong krimen si Dorcas.

Noong una ay kakaunti ang nakikinig, bahagya lang may mag-subscribe. Blessing in disguise ang pandemic. Walang magawa ang mga tao, nadiskubre ang podcast ni Dorcas. Parang virus na kumalat sa kamalayan ng

masa ang Night Eye, hanggang pati mainstream media, kinikilala na si Dorcas Fortez.

Last year, twenty-sixth birthday ni Agatha, na-lay off siya sa trabaho. Nasa billings and claims department siya ng isang insurance giant, pero nag-decide ang management na i-outsource na lang ang departamento.

Limang taon siya sa kompanya. Masamang-masama ang loob niya pero hindi siya makapagmukmok masyado, nakakahiya kay Dorcas. Naputulan ito ng mga binti at lahat-lahat pero nagawang maging positibo sa buhay, siya pa kaya na kumpleto ang katawan?

At habang wala pa raw siyang nakukuhang ibang trabaho, tulungan na lang muna niya ito sa podcast. Researcher, errand girl, video editor, at minsan, narrator na rin.

Fascinated man siya sa mga krimen at sa mga taong nakakausap, hindi pa rin iyon ang gusto niyang maging. Kaso lang, sa dami ng pinapagawa sa kanya ni Dorcas, wala na

siyang oras para maghanap ng ibang trabaho. Okay naman ang bayad sa kanya, iyon na lang ang konsolasyon niya. Pero miss na miss na niyang mag-opisina. Gusto niya ang structure ng isang ordinaryong empleyado. Nahihirapan ang bangs niya sa trabahong walang sinusunod na orasan. Hindi rin siya makaporma. Alangan namang magbestida siya at mag-heels habang naghahanap ng drug pusher na willing magpa-interview? Paano siya kakausapin ng mga pamilya ng mga nawawalang sabungero kung mala-Gretchen B. ang pormahan niya?

Hindi rin siya taong mahilig gumala. Hindi travels and laman ng bucket list niya. Boomer yata siya na ipinanganak sa panahon ng millenials. Sa library, doon siya dapat nagtatrabaho. Dahil isa siyang boring na kaluluwa.

Ayaw na ayaw niya ng mga assignment na out of town. Kagaya nitong latest. Hindi naman siya tatawid ng dagat or whatsoever, pero malayo rin ang Pangasinan. Hindi pa

nga siya nakakarating doon.

Sa isang bayan sa Pangasinan nangyari ang krimeng yumanig sa buong Pilipinas. Mas matindi pa raw sa Vizconde Massacre noong nineties, ayon kay Dorcas, dahil sa paraan ng pamamaslang.

Labaha ang ginamit ng salarin sa sarili niyong mga magulang. Isang linggo na ang nakararaan pero trending pa rin ang *#slasherprincess, #slasher, #pinayslasher.* Dahil doon, nagma-marathon ngayon ng Dexter sa Netflix ang mga Pinoy, lahat ay interesado sa blood splatter.

Ginilitan ni Princess Amelie Magno ng leeg ang mga magulang nito. Nag-iisang anak si Amelie nina Alice at Ronald Magno, pediatrician at CPA, respectively. Pagkatapos paslangin ang mga magulang, sariling leeg naman ang ginilitan ni Princess Amelie. Kinse anyos ang dalagita.

Aminado si Agatha na curious din siya sa kaso, at kung hindi tungkol doon ang lakad niya, malabo na niyang sundin si Dorcas.

Resolved na siyang mag-file ng leave at asikasuhin ang paghahanap ng bagong trabaho.

Pero dahil kay Slasher Princess, alam niyang hindi siya papayagan ni Dorcas mag-leave, at interesting naman talaga ang nangyari, kaya hindi na siya gaanong tumutol sa lakad.

HINDI SINASADYA na natuto siyang magmaneho. Katorse anyos siya noon pero ni hindi sumagi sa isip ni Agatha na mag-aral magmaneho. Ordinaryong hapon noong 2011, sinundo siya ng kanyang ama sa school at pauwi na sila dala ang box-type na Toyota Corolla. Hindi sila nagkikibuan o nag-uusap man lang na mag-ama. Hindi sila magkaaway, wala lang silang mapag-usapan. Komportable ang katahimikan nila, at tandang-tanda niya kung ano ang nasa isip niya bago siya biglang tawagin ng ama—bakit hindi si Rhodora ang napiling prom queen, mas maganda naman talaga iyon at elegante kaysa kay Alyssa? May

palakasan pala talaga sa school nila?

*"`Ge," sambit bigla ng kanyang papa sa pangalan niya. "Agie" ang tawag sa kanya ng karamihan, pero ang papa niya, tinatawag lang siyang "Ge" kadalasan.*

*"`Pa?"*

*"Hawakan mo… manibela… hindi ako makagalaw…" Pagkasabi niyon, parang humandusay na sa upuan ang kanyang papa. Hindi naman sumubsob sa manibela, basta lang parang nanlambot at bumitaw sa manibela, nakabagsak ang ulo.*

*"`Pa!" Ramdam niya ang pagkawala ng kontrol ng sasakyan. Dinukwang niya ang manibela, kinabig paiwas sa kasalubong na tricycle pero ramdam niyang nasabit pa rin sila, kaya mas pinihit pa niya ang manibela hanggang sa bumunggo naman sila sa likod ng isang van. Pinihit naman niya pabalik ang manibela, hindi niya naririnig ang mga busina, gusto lang niyang paandarin nang deretso ang kotse. Hindi tumitinag sa nangyayari ang kanyang papa.*

*Hindi siya makapaniwala nang mangyari ang gusto niya. Hindi lang iyon, mas sumiksik pa siya sa kandungan ng ama para matapakan niya ang preno. Hindi maabot ng paa niya pero naalala niya na titigil naman ang mga sasakyan kapag walang gas.*

*Hinaltak na lang niya ang hita at binti ng ama habang pilit mine-maintain ang hawak niya sa manibela. Halos isang kilometro rin ang naiandar niya bago pabunggong huminto ang kotse sa humarang na van—iyon ding van na nasabit niya. Hinabol sila at hinarangan. Hindi na malakas ang bunggo dahil halos pahinto na rin sila.*

*Obvious na handang makipag-away ang driver ng van pero nang makita si Agatha at masabi niya ang nangyari, iyon mismong driver ng van ang kumuha sa kanyang papa para ilipat sa van at dalhin sa ospital.*

*Naiwan siya sa kalsada. Mabuti raw na hindi niya hinaltak ang hand break, baka mas naaksidente sila kung bigla-biglang huminto, sabi ng mga miron. Bumalik siya sa kotse at*

*ewan niya kung ano ang nangyari. Dahil siguro sa takot, sa pagkalito, sa adrenaline, hindi niya alam. Basta na lang niya pinihit ang susi ng kotse at nang umistart ang makina, tinapakan niya ang gas. Mayamaya pa ay kasunod na siya ng van.*

Dead on arrival naman ang kanyang papa. Massive stroke daw. Forty-seven years old pa lang. Hindi na siya muling humawak ng manibela pagkatapos niyon. Until years later.

"Follower ko `yon, available daw ang BnB nila. Maliit lang pero mag-isa ka lang naman," sabi ni Dorcas sa cell phone. Kasalukuyang binabagtas ni Agatha ang kahabaan ng expressway. "Send ko sa `yo ang address. Malapit lang daw sila do'n sa crime scene, saka kilala raw nila ang mga biktima."

"Kilala as in…" aniya.

"Hindi sila close, `tingin ko. Baka kilala dahil kilala doon ang pamilya Magno."

"Roger."

Kataka-taka na nang muli siyang humawak ng manibela, alam na alam pa rin

niya ang gagawin. Dalawang taon pagkamatay ng kanyang ama, nag-abroad ang kanyang mama. Obviously, dala ng pangangailangan. Nasa college pa noon ang kuya niyang si Ariston, pareho silang nangangailangan ng pang-tuition at allowance. Gaya ng marami, Italya ang destinasyon ng kanilang mama.

At para daw siguradong mababantayan silang magkapatid, mula sa poder ng biyenan, inilipat sila ng ina sa poder ni Dorcas sa Parañaque. Pinakamainam na guardian na raw ang isang pulis, lalo na at kaparis ni Dorcas.

Asiwa silang magkapatid kay Dorcas. Ang layo ng hitsura nito sa kanilang mama. Mukhang tibo na ewan ang tiyahin nila, istrikto at hindi na kailangang magsalita o manermon para katakutan nila. Nang maka-graduate si Ariston at makakuha ng trabaho, nagsarili na, iniwan si Agatha sa poder ni Dorcas.

Kalaunan, naging komportable na rin siya

sa bahay ng tiyahin at nakasundo na rin niya si Dorcas. Lihim na rin niyang hinahangaan ang attitude ng tiyahin. Parang hindi ito bothered sa mga bagay na buma-bother sa tipikal na tao. Gaya ng… ahem, relationships. Love life. *Wapakels* sa ganoon si Dorcas. Mas problemado iyon sa drug problem ng bansa, sa mga corrupt na pulis, sa kidnapping, carnapping… Carnappers ang nakaengkuwentro ng mga ito noon, na rason kaya naputulan ng mga paa si Dorcas. Hinabol ni Dorcas ang mga papatakas na kriminal, binaril ang mga ito. Namatay ang kasama ni Dorcas sa kotse at nawalan naman ito ng kontrol sa sasakyan, bumaligtad.

Doon na-realize ni Agatha na mahal na mahal pala niya ang tiyahin. Ginamit niya ang mga na-accumulate niyang leave para maalagaan si Dorcas. Naging close na sila at paminsan-minsan, nagko-confide na sila sa isa't isa. Hindi lang talaga emotional type si Dorcas at mas gusto naman iyon ni Agatha kaysa doon sa madadramang tao.

# Chapter 2
*Kendra*

WHAT a morning.

Pakiramdam ni Kendra ay sasabog na ang eardrums niya, pati ang katinuan. Nanunuot sa primitive brain niya ang bawat tili at palahaw ni Kendrick, her baby brother. Two years old, pero kayang sirain ang buhay mo.

"Kenny, please stop," pakiusap uli niya sa kapatid. Mahinahon dahil hindi niya nakuha sa sigaw, minalat lang siya.

Tumili lang uli si Kenny. Matinis, parang tumutusok sa tainga.

Tinakpan ni Kendra ang mga tainga niya. "Stop, please!"

Siyempre, hindi tumigil si Kenny. Tuloy-tuloy ang high-pitched na tili hanggang sa paningin ni Kendra, nangingitim na ang mga labi ng kapatid. Natutop niya ang bibig. Kenny was turning blue!

"`Ma! Mama!" tawag niya sa ina na nasa banyo, pooping—ang dahilan ng tantrum ni Kenny. Gustong sumama ng kapatid niya sa loob ng banyo at bantayan ang pag-poop ng kanilang mama gaya ng nakasanayan.

Not today though. May period diarrhea ang kanilang mommy. Ugh. Ewww. Double whammy. Iyong reglahin monthly ay parusa na talaga, sasamahan pa ng diarrhea? Naiintindihan niya ang ina kung bakit ayaw muna nitong isama sa banyo si Kenny. The mess alone would *prolly* mess up her dear brother for life.

But Kenny was like their neighbor's stupid dog; hindi nakakaintindi ng paliwanag, kailangan lang magawa ang gustong gawin, dahil kung hindi...

Parang hindi humihinga si Kenny, kaya

nangangasul ang mukha.

"`Ma! I think he's trying to kill himself!" Binayo niya ang pinto ng banyo.

Her mother grunted. "Kargahin mo na muna!"

Nasa sahig si Kenny, parang naninigas at nakanganga na lang, wala nang lumalabas na sound sa bibig. Pero bago iyon napunta sa sahig, pinagtatapon ang almusal, kasama na ang Milo ni Kendra, pagkatapos ay gumulong na sa Milo puddle.

Kakargahin niya? Puting-puti ang school uniform niya, walang kagusot-gusot dahil iyon ang gusto niya. Ayaw na ayaw niya na nagugusot at nadudumihan ang mga damit niya.

"Matagal ka pa?" tanong niya sa ina. Anytime ay darating na ang school service. Sana nga ay dumating na para makalayo na siya kay Kenny.

Simula nang ipanganak ang kapatid niya, ito na ang hari sa bahay nila at alipin na lang siya. Lahat, kailangang i-adjust at mag-adjust

para kay Kenny.

Ang malinis at organized nilang bahay, ngayon ay isang malaking playroom. Ang mga pinto, nilagyan ng mga plastic fence; ang mga furniture, may child-proof rubber edger; ang mga electric outlet, may mga takip. Ang mga gamit na dati ay abot-kamay lang, nasa pinakamataas na shelves na ngayon. Hindi siya puwedeng magkalat ng mga gamit niya sa school dahil sisirain ni Kenny, delikado kay Kenny, et cetera.

Kay Kenny na lang umiikot ang mundo ng kanyang mama at gusto pa siyang idamay. No way. Miracle baby ang tawag ng lahat kay Kenny. Dahil nga naman, hindi na umaasa ang kanyang mama na magkakaanak pa uli, pero after thirteen years, nagbuntis ito.

*And here we are.*

Hindi miracle ang tingin niya kay Kenny. Her brother was the wrath of God himself.

Umiiyak pa rin ito nang walang sound, hindi humihinga. Kung hindi ba naman psycho. *Who does that?*

“Kenny, Ken, stand up, come to Ate, we’ll go outside.” Sinundot niya ng paa ang tagiliran ng kapatid. Wala siyang balak lukutin sa pag-squat ang uniporme.

# Chapter 3
## *Andrea*

PUMALAHAW NA naman si Kenny. Inaasahan na iyon ni Andrea. Hindi naman makakatiis si Kenny na hindi huminga. Hihinga at hihinga ang bata, sabi ng pedia nang minsang mabanggit niya ang kakaibang paraan ni Kenny ng pagliligalig.

It turned out, hindi unique kay Kenny ang ganoon. Maraming babies ang umiiyak na hindi humihinga, pero mananaig at mananaig ang pangangailangan ng hangin at hihinga din nang normal.

Normal din daw ang pagiging extra maligalig ni Kenny. Kaya nga tinatawag na

"terrible twos" ang toddler stage. Doon medyo hindi naniniwala si Andrea. Hindi naman siya first-time mom, alam niya ang stages ng bata. Hindi normal ang pagiging maligalig ni Kenny. Hindi ganoon si Kendra noon. Her daughter was a breeze, puwedeng-puwede niyang iwan sa playroom o sa crib. Hindi papalahaw si Kendra, uungot lang nang kaunti at maglilikot kapag gutom na halimbawa, o kaya naman ay kapag nag-poop.

Pero bago pa magdalawang taon si Kendra, toilet-trained na. Proud na proud sa sarili niya si Andrea noon. Feeling best mother in the world siya.

Ngayon, hindi na siya sigurado. Ni hindi niya maturuan si Kenny na magsabi man lang ng "wiwi" or "poop" kapag nakaramdam. Kenny simply wouldn't do it her way. Kenny would just do it Kenny's way.

Ibig sabihin pala, Kendra toilet-trained herself at hindi dahil kay Andrea.

Or puwede rin namang sa katagalan bago nasundan si Kendra, kinalawang na ang

maternal prowess niya. Hindi na rin siya thirty-two years old lang, forty-seven na siya. Milagro na talaga na nabuo pa si Kenny at nailuwal niya nang normal. Unbelievable. Pati ang menstruation niya, unbelievable na.

She was flooding. Period pants na ang gamit niya imbes na pads. Masyadong malakas ang daloy ng dugo, damay pa ang bowel muscles niya kaya sirang-sira ang tiyan niya.

She was messy. She was smelly.

"Oh, God." Andrea groaned. Nilinis niya nang mabuti ang sarili at kumuha ng fresh period pants, isinuot. Dalawa na sila ni Kenny na naka-diaper sa bahay.

Naghuhugas siya ng kamay nang mapansin na tumigil na naman sa pag-iyak si Kenny. Nagpapakautas na naman? O talagang tumahan na? Ano ang ginawa ni Kendra? Pero kung minsan talaga, mas magaling magpakalma kay Kenny ang ate nito.

Napangiti si Andrea. Salamat na lang at may Kendra siya. Tinuyo niya ang kamay at

lumabas ng banyo. Pasugod siyang sinalubong ni Kenny, nagpakarga. Sisinok-sinok ito, may mga luha pa sa pisngi. “Ikaw kasi, bakit ka ba umiyak? Nagbanyo lang naman ang Mama, `di ba? `Di ba?” Pinahid niya ang mga luha ng toddler, hinalikan ito sa pisngi at leeg. Walang kaparis ang amoy ng baby, kahit nanlalagkit ito at basa ng Milo ang damit. “Let’s change your shirt muna, ha.” Nang akmang ibababa niya sa high chair, nagsimula na namang umiyak si Kenny. “Mama will get a shirt lang.” Ayaw bumitaw ni Kenny kaya napilitan si Andrea na isama na sa itaas ang bata.

“Baaaah!” sabi nito habang umaakyat sila.

“Sino’ng bad? Si Kenny? Bad ba si Kenny?” Panay ang halik niya sa pisngi ng anak. “Si Mama ba ang bad? Hindi naman bad si Mama, nag-poop lang si Mama. Yucky poop! Eww!”

“Teh… t-teh… baah!”

“Ah, si Ate ang bad.” Tumawa si Andrea. “Ano ginawa ni Ate, ha? Inaway ka ni Ate?”

Dumungaw siya sa railing ng hagdan. "Ate, bad ka daw sabi ni Kenny."

Walang reaction buhat kay Kendra.

"Ate? What did you do to Kenny?" tanong pa ni Andrea, playful ang tono niya.

Kendra giggled from somewhere in the kitchen. "I showed him Vecna."

Natawa na rin si Andrea, proud sa sarili na kilala niya si Vecna kahit malapit na siyang magsingkuwenta. Nag-marathon sila ni Kendra ng *Stranger Things* noong buntis pa lang siya kay Kenny. Nag-enjoy din naman siya sa series, pero si Kendra, enjoy na enjoy. Hanggang ngayon, binabalikan pa ang mga paboritong episode.

Pumasok siya sa master's bedroom. Para na iyong malaking playroom—playroom na talaga. Naroon ang mga laruan at gamit ni Kenny. Ibinaba niya sa kama ang anak at kumuha ng pamalit na T-shirt sa built-in cabinet.

Dalawa lang ang ipinagawa nilang kuwarto sa itaas nang mabili nila ang house

and lot. Pareho sila ng asawang si Ed na hindi na umasang masusundan pa si Kendra. Tinanggap na nila na si Kendra lang ang anak nila, kaya ngayon, walang nursery si Kenny.

Nasa Dubai si Ed, engineer at employed ng isang international construction firm. Simula't sapul ay OFW na ang asawa niya kaya sanay na sanay na si Andrea na para lang siyang single parent. Ang pagkakaiba lang, good provider ang mister niya at hindi na niya kailangang magtrabaho simula nang ikasal sila twenty years ago. Twenty-seven years old lang siya noon, si Ed ay thirty-one. Ang bilis ng panahon. Pero sana ay mas bumilis pa nang magretiro na si Ed. Ang pangako nito, titigil nang mag-abroad pagdating ng sixty. Nine years pa.

Napabuntong-hininga si Andrea. Sana lang, malakas pa sila pareho after nine years; walang sakit o kahit anong health condition. So far, maliban sa medyo mataas na cholesterol, okay na okay naman ang kalusugan ni Ed. At siya, maliban sa period na

hindi na niya maintindihan, wala naman siyang ibang nararamdaman.

Binihisan niya si Kenny. Kamukhang-kamukha ito ng ama at hindi mapigilan ni Andrea ang mapangiti kapag naiisip niya iyon. Kinuha niya ang cell phone. "Let's say hi to Papa."

Next year, naka-schedule uli si Ed na magbakasyon. Excited na ito dahil hindi pa nakikita sa personal ang anak na nabuo nila noong huli nitong bakasyon, sa mga videos lang.

Next year na rin nila mapag-uusapan kung ano ang dapat gawin sa bahay. Obviously, kailangan nilang magdagdag ng kuwarto. Ayaw naman niyang pangunahan ang asawa sa pagpapagawa dahil mas may tiwala siya kay Ed pagdating sa mga construction. Iyon ang trabaho ng lalaki, hello? Makikialam pa ba siya? Isa pa, gusto niyang nakabakasyon si Ed kapag sinimulan ang renovations, less ang chance na samantalahin sila ng contractor.

Nadala na siya. Pansin niya, kapag may

ipinapagawa siya, banyo halimbawa o simpleng tulo sa bubong, kapag nalaman ng gagawa na mag-isa lang siya at nasa abroad ang mister, tinataga siya; iniisahan. Ang simpleng trabaho, nagiging komplikado.

"Say, hi, Papa," aniya kay Kenny.

"Hah!" usal ng bata. "Puh!"

"Very good!" Mamaya pa niya maipapadala kay Ed ang video, sa breaktime nito.

Kinarga na uli niya si Kenny. Nagpumiglas naman ito at gustong bumaba mag-isa; maganda na uli ang mood. Inakay na lang niya pababa sa hagdan.

"Kendra? Kends," tawag niya sa panganay. Wala ito sa kusina.

"`Ma?" sagot nito mula sa loob ng banyo.

"Ang tagal ng service mo," comment ni Andrea. Hindi sumagot si Kendra. Sanay na rin siya. Tapos na iyong mga panahon na kada kibot, nagkukuwento si Kendra. Teenager na ito, may sariling mundo, kadalasan ay morose. Ganoon daw talaga ang teenagers,

sabi ng parenting guru sa YouTube. Iba na raw dapat ang love language niya, hindi na pang-toddler. Imbes na, "I love you, baby," dapat, "Sure, puwedeng magpuyat ngayon, walang pasok bukas."

Huwag din daw niyang pepersonalin ang mga topak ng teenager niya. Huwag balat-sibuyas, in other words. It wasn't about her. It was the teenager's hormones, identity issues, peer pressure, et cetera.

Iniwan niya sa salas si Kenny at sinimulan nang ligpitin ang mga kalat sa kusina. Malagkit ang sahig, may mga tumapon na cereals at kung anu-ano pa.

Lumabas ng banyo si Kendra, nakatirintas nang dalawa ang buhok.

"That's nice," comment ni Andrea. "`Kala ko ayaw mo na ng tirintas, pang-kinder?"

"Kenny messed up my hair. Natalsikan ng Milo kanina, ang lagkit. Binasa ko na lang ng konti, nakulot naman." Sumimangot ito, ayaw na ayaw sa pagkakulot ng buhok. But to Andrea, her daughter's hair was beyond

adorable. Kendra was a doll. Sana ay matanggal ang insecurities ni Kendra dahil wala itong dapat ika-insecure.

*Ah, teenagers.*

# Chapter 4
## *Kendra*

NARINIG MUNA niya ang hugong ng van bago ang busina niyon. Sukbit ang backpack, binuksan ni Kendra ang gate nila. Eksaktong pahinto na ang service. Nakalabas na siya nang may maalala. Sumenyas siya ng "sandali" sa driver at bumalik sa loob ng bahay. Nagulat sa kanya si Kenny na nakaupo sa area rug, busy sa nilalaro.

"Nasa may TV ang baon mo, `nak," sabi ng mama niya, busy pa rin sa kusina.

"Ang project k—" Napasinghap siya.

Kasunod niyon, ang pag-atungal ni Kenny. Humangos mula sa kusina ang kanilang

mama. Dinaluhan ang bunso na nakabulagta sa sahig.

"Ano'ng nangyari?" tanong nito.

Parang walang narinig si Kendra. "No… no… no…" Umiiyak din siya hawak ang puting cartolina; visual aid sa report ng grupo niya sa Soc. Stud. Pinagpuyatan niya iyon nang nagdaang gabi.

Punit na sa bandang ibaba, tuklap-tuklap ang mga pictures na idinikit niya doon, nagblot ang mga lettering na ginamitan pa niya ng stencil para pantay-pantay. Parang natuluan ng tubig at madumi na; hinawakan ng madumi at basa-basang kamay.

Sa malaking paper bag niya iyon inilagay nang matapos niya kagabi, nakarolyo nang maluwag para hindi magusot, itinago niya sa tabi ng end table. Naroroon pa rin ang paper bag. Iyon lang cartolina ang kinuha.

"Oh, no!" Napasinghap din ang kanyang mama. Alam nito na pinaghirapan niya ang visual aid. Ito pa ang naglabas ng mga lumang magazine sa taguan para makahanap siya ng

akmang pictures. Old school visual aid ang gusto ng teacher nila, may additional point kapag hindi galing sa Internet ang pictures. Para daw magkaroon sila ng pasensiya at matutong mag-concentrate sa isang bagay.

"Kukuha ako ng tape," anang mama niya, kinarga si Kenny na umiiyak pa rin. "Ayusin muna natin, ako na lang maghahatid sa `yo sa school."

Hindi pa rin nagsalita si Kendra. Huling-huli niya si Kenny kanina, sa tabi ng coffee table, kandong ang cartolina at tinutuklap ang isang picture na sa tingin niya ay nagde-depict sa mga precolonial Chinese traders sa Pilipinas.

Nginisihan pa siya ni Kenny. Hindi lang sa natutuwa ito sa ginagawa, alam nito ang ginagawa; alam nito na importante sa kanya ang cartolina. Ginantihan siya sa pananakot niya dito kanina. Not with Vecna. Hindi takot doon si Kenny. Alam niya dahil nasubukan na niya dati. Her brother was not stupid, alam nitong hindi totoo ang monsters

sa screen.

Pero dahil nga may isip naman, alam din ni Kenny na mas delikado ang kutsilyo. Kinuha lang iyon ni Kendra sa lalagyan kanina. Desperado na siya. She just wanted Kenny to breathe. Yumuko siya malapit sa mukha nito, binulungan niya na kapag hindi tumahan, hihiwain niya ang bibig nito, hihilahin niya ang dila nito at puputulin. Nanlaki ang mga mata ni Kenny sa takot, tumahan.

And he got even.

"`Teh," sabi pa sa kanya nang mahuli niya ang ginagawa sa visual aid niya.

Iyon lang at hinaltak niya ang braso nito, saka isinalya sa sahig kung saan ito naabutan ng kanilang mama.

Lalo na siyang kagagalitan ng mga kagrupo niya sa performance task na iyon. She had one job. Ang masaklap pa, nag-volunteer siya na siya na lang ang gagawa ng visual aid. Ayaw pang pumayag ng mga kagrupo niya, walang tiwala sa kanya.

Mayayabang. Nagsumbong pa siya sa teacher. Sabi niya, hindi siya pinapayagan na mag-contribute at mag-participate sa project porke hindi siya kasama sa mga may honors.

Halu-halo na lang supposed to be sa isang klase ang mga average, below average, at above average students pero sa school niya, halos sama-sama pa rin sa isang section ang mga top ten at sa section na iyon siya isinama. Minamaliit tuloy siya ng mga kaklaseng mayayabang.

Kinampihan naman siya ng teacher. Pinagsabihan ang mga kagrupo niya. So, she got the job. Desidido siyang magpa-impress. Ginalingan niya.

Pagkatapos… shit.

"Ano'ng oras n'yo ba ipe-present `yan? P'wede ko namang ayusin muna para makapasok ka na. Dadalhin ko na lang sa school mamaya, kunin mo na lang sa guard," suhestiyon pa ng kanyang mama.

"S-second period," sagot ni Kendra, pigil-pigil ang luha. Panay na ang busina ng service

sa labas.

"Lakad na, `nak. Ako na ang bahala d'yan. Pasensiya ka na sa kapatid mo, bata, eh. Sa susunod kasi, `pag ganyang importante, doon mo ilagay sa hindi maaabot. Alam mo namang—"

Hindi na natapos ng kanyang mama ang sinasabi dahil napasigaw na si Kendra sa galit sa narinig.

"Bakit ako pa ang may kasalanan, `Ma? Lahat na lang, ako! He's a monster! He's a psycho! I hate him! Sana hindi mo na siya pinanganak! Sana mamatay na ang Kenny'ng `yan!"

Nasampal siya ng ina.

Pareho silang napasinghap sa gulat.

Naunang makabawi si Kendra pero hindi siya nagsalita, nagmadali lang siyang lumabas.

Kandapahid siya ng luha pagsakay sa van. Parang mainit pa rin ang pisngi niya sa sampal ng kanyang mama.

"H-here," sabi ng katabi niya, inaabutan siya ng tissue.

Nagulat si Kendra. Hindi ito si Sloane na lagi niyang katabi sa likuran ng driver dahil magkalapit sila ng bahay doon sa subdivision.

"T-thanks." Kinuha niya ang tissue. Hindi rin sa Our Lady of Mercy Academy—OLMA—nag-aaral ang katabi niyang babae, iba ang uniform. Checkered na gray, blue and black ang pleated na palda at vest. May puting long sleeves na polo. Lampas-tuhod ang medyas na itim at medyo maiksi ang palda.

Uniporme iyon ng pretentious private school na kumakalaban sa OLMA at masyadong inartehan ang uniform para makahakot ng enrollees. Ayon iyon sa kanyang nana na alumni ng OLMA. Her school had been around for more than fifty years kaya kahit nagsulputan na ang mga private schools sa bayan nila, sa OLMA pa rin gusto ng mga magulang na i-enroll ang mga anak.

"I… um, I'm Kendra. Tagarito ka rin sa Alta Tierra?" Alta Tierra Estates ang subdivision nila, isa sa mga magkakatabing

subdivisions sa kahabaan ng Daang Hari sa Molino, Cavite.

Tumango ang babae. “Kakalipat lang namin last week. Sa phase two. Um, I’m Scarlett. Scarlett Quinn.

Hindi naitago ni Kendra ang pagtataka. Quinn? Foreigner? Pero wala naman sa mukha nito na may dugong puti kahit na may kaputian.

“Cool,” comment niya. “Sounds like a superhero or something.”

Ngumiti si Scarlett. “I know, right? American kasi ang dad ko. Saka… ampon lang nila ako.”

“Ah.” At napanganga na lang si Kendra. Hindi niya alam ang sasabihin.

“Okay lang. Tanggap ko `yon,” sabi ni Scarlett. “Thankful pa nga ako na hindi nila sinekreto from the start.” Isinipit nito sa tainga ang buhok. Hanggang leeg lang iyon, straight at may pagka-limp. Hati sa side, one length. Pahaba ang mukha nito. Kaunti na lang siguro, babalina na. Pero sinuwerte,

hindi natuluyan at masasabi na ring maganda. Mas maganda kay Sloane, TBH.

At TBH again, mas gusto na niya na si Scarlett ang katabi niya sa service parati kaysa sa kapitbahay. Mayabang si Sloane, feeling superior dahil lang mas matanda sa kanya. Grade twelve na iyon. Mukhang tanga sa service dahil iyon ang pinakamatanda. May mga kasabay pa silang nasa grade school.

In fairness, ang hirap kasing mag-commute mula sa subdivision nila. Kailangan mo pang mag-tricycle at nasa labas iyon ng Alta Tierra, bawal sa loob mismo. Maglalakad ka pa palabas. After trike, jeep.

Ugh.

Kaya nagkaisa ang mga parents sa Alta Tierra na kumuha ng van para maging school service ng mga anak since hindi naman lahat ng parents, may time maghatid at sundo.

"Okay ka na?" tanong ni Scarlett.

"Ha? Umm, yeah." Nakahinto sila sa isa pang bahay. Marami-rami pa silang dadaanan.

"Ano ba `yon ?" tanong uli ni Scarlett.

"Wala. Nainis lang ako sa kapatid ko. Sinira `yong visual aid ko."

"Maliit pa?"

"Two. Lalaki. Ang kulit-kulit."

"Two years old pa lang kapatid mo? Dalawa lang kayo?"

Tumango si Kendra. "After thirteen years of trying na masundan ako, kung kailan may edad na si Mama, saka siya nagbuntis uli. Miracle baby raw `yong si Kenny."

"So, ilang taon na mama mo?"

"Ngayon? Forty-seven na."

"Ha? Forty-five siya nagbuntis?!"

"Himala ni Padre Pio," aniya, sarcastic. Deboto ng naturang santo ang kanyang mama.

"And your dad?"

"Mmmm, fifty… one, I think. Nasa Dubai si Papa. Tatlo lang kami nina Mama sa bahay. Ayaw niyang kumuha ng maid or yaya, masakit daw sa ulo. Ikaw, ano'ng work ng parents mo?"

"Si Mommy, housewife din. Si Daddy, U.S. Marine dati. Na-discharge siya kasi nagka-PTSD daw, saka may injury sa arm niya, hindi na siya makahawak ng baril. Damaged `yong nerves or something.

"Online sila nagkakilala ni Mommy, naka-recover naman si Dad sa trauma niya, nag-aral ng finance. Investor siya ngayon." Nagkibit balikat si Scarlett. "I don't really understand his work."

"Saan kayo dati?"

"We move a lot. Prior dito, Muntinlupa. Nagre-rent lang kami dito sa Alta Tierra, actually. Ayaw ni Dad bumili ng bahay kasi mas gusto talaga niyang sa US kami. Si Mama lang ang ayaw."

"Bakit? Okay nga sa US, eh."

"Ewan ko kay Mama."

"Pero… eh, di transferee ka lang din sa school mo?"

"Oo, grade seven."

Nagulat na naman si Kendra. Mukhang magkasing-edad sila ni Scarlett pero grade

seven pa lang ito imbes na grade nine.

Nahalata naman yata nito ang pagtataka niya, nagpaliwanag. “Nag-stop ako ng two years. Nagkasakit ako.”

“Ah,” tango ni Kendra. “Okay ba do’n sa school mo?”

# Chapter 5
## *Agatha*

NAINIS SIYA nang slight. Kung may humble brag, ano ang tawag sa follower ni Dorcas? Brag humble? Dahil kabaligtaran ng mga pasimpleng magyabang si Mr. Collantes. Uber magpa-humble.

Ang impression ni Agatha nang itawag ni Dorcas ang nakuhang BnB, simple lang na bungalow, the usual, kumbaga. Wala namang binanggit si Dorcas na may Jacuzzi.

Bungalow nga. Maliit lang ang BnB, pero hindi tipikal. Glass panel ang isang dingding at paglabas mo doon, may Jacuzzi deck at sa dako pa roon ng backyard, may swimming

pool.

Nasa loob ng malawak na lote ang bungalow, kasama ang isang mansion. Casa Espanyol ang peg ng main house, parang kalaban ni Zorro ang nakatira. Manicured ang buong bakuran.

Slight lang naman siyang nainis, dahil sino ba naman ang hindi matutuwa sa accommodation niya? Bukod sa basic na koryente, tubig, at Internet, fully-equipped ang tiny kitchen na granite ang mga surface. Sobrang cute ng banyo kahit walang bubong sa shower area, mga beams lang, pagkatapos ay pebbles at bricks ang sahig. May mga nakatunghay sa iyong bougainvillea kapag magsha-shower ka.

Centralized ang AC dahil studio-type. Platform-type ang double-sized bed, pang-hotel ang beddings; all-white. Makapal at malambot ang comforter, throws, duvet, hindi matipid sa unan. May pagkalaki-laking smart TV sa isang dingding.

Malamig na malamig na sa loob pagdating

niya. Pasensiya na raw at maliit lang, sabi ni Mr. Collantes—Bobby na lang daw. Nasa fifties na manong, slim, puti na lahat ang buhok na maiksi ang gupit. Khaki slacks, powder blue na Ralph Lauren ang polo, mukhang Ferragamo ang loafers, mukhang Rolex ang relos. May pupuntahan daw itong meeting.

"Saan po kayo nagtatrabaho?" tanong ni Agatha. Nakaka-curious talaga si Mr. Collantes.

"Retired na ako, pero dati akong security sa casino."

"Casino…"

"Sa Casino de Monte-Carlo."

Napakurap si Agatha. "`Yong sa Monaco?" Interesting pala talaga si… Bobby.

Ngumiti ang manong.

"P-paano po kayo napunta do'n? I mean…"

"Dati rin akong pulis, paris ng tita mo. Mas maaga lang akong umalis sa serbisyo, hindi ko gusto ang politika. Naisip kong

magbarko, nag-training ako sa Magsaysay, hanggang makasakay. `Yon, nagtuloy-tuloy. Napunta ako sa cruise ship, nakikita ko na talaga ang Monaco, interesado ako. May naging kaibigan ako doon, tinulungan akong mag-apply sa casino. No'ng una, security guard talaga, kalaunan, na-promote naman ako. Nag-retire lang ako dahil hindi ako pasado sa last physical exam. Nagkabukol ako dito." Dinama nito ang leeg. May maliit nga itong peklat doon. "No'ng i-biopsy, stage two. Lymphoma. Doon na rin ako nagpagamot. Naka-recover naman, awa ng Diyos. After that, umuwi na ako. Na-realize ko, puwede pala akong mamatay anytime, ni hindi ko pa man lang nae-enjoy `tong mga pinagpaguran ko."

Totoong humble naman pala si Sir Bobby, sa loob-loob ni Agatha. At friendly.

"Wala ka pong pamilya?" aniya.

"Wala, eh. Hindi ko na naasikaso ang paghahanap."

"Eh, sino ang kasama n'yo sa bahay?"

"Mga pusa, saka si Lita, siya ang mayordoma dito. Ibinilin na kita. Kapag may kailangan ka, tawagin mo lang si Lita."

"Thank you, po. Um, kilala n'yo raw sina Dr. Magno?"

"Si Alice, oo. Pero ang kaibigan ko talaga, si Ron. Magka-batch kami no'ng high school. Kaya no'ng kailangan ko ng CPA, siya ang kinontak ko. Siya rin ang tumulong sa `kin para mabili ko `tong property."

"Ah," tango ni Agatha. Mali na naman ang akala niya. Judgmental na yata siya masyado? Hindi simpleng kakilala ng host niya ang mga biktima. Friends talaga ng mga iyon si Sir Bobby.

"Alam ko, marami ka pang itatanong. Sa bahay ka mag-dinner mamaya," anyaya nito. Tumingin sa—sure na si Agatha—Rolex. Jusko, baka ipinapamigay lang iyon sa Monaco bilang tip.

"Baka po late na kayo sa meeting. Pasensiya na po," aniya.

Okay lang daw, basta raw para kay Dorcas.

Iniwan na siya ni Sir Bobby, sumakay sa cream na Land Cruiser. Hiyang-hiya ang dala niya na lumang CRV ni Dorcas. Hindi man officially ay ipinamana na iyon sa kanya. Bumili ang tiyahin niya ng Staria. Pagkamahal pero okay na okay nga naman sa kagaya ni Dorcas na may kapansanan.

Nag-unpack na siya ng bagahe. Sayang, hindi siya nagbaon ng swimsuit. Malay ba niyang may swimming pool?

Binuksan niya ang TV, naghanap ng crime documentary sa YouTube, pagkatapos ay humilata habang kumakain ng grapes. May pa-complimentary fruit basket ang BnB—Bongga Na Bongga.

Mga thirty minutes later, medyo naiidlip na si Agatha, may kumatok. Aleng nasa kuwarenta ang edad, nakatali ang buhok, ternong square pants at blusang bulaklakin ang suot. May dala itong tray ng pagkain.

“Hi. Pasensiya ka na, hindi agad ako nakapagluto kanina,” sabi.

“O-okay lang po. Kayo po si Aling Lita?”

ani Agatha.

"Oo. Ibinilin ka sa akin ni Sir. Kumain ka muna. Tutuloy na ako, ha?"

"Ah, sure, sige po. Nag-abala pa po kayo."

Ipinatong ni Aling Lita sa dining table ang mga pagkain. "Baka raw pagod ka pa sa biyahe, hindi ka makapagluto. Dalhan daw muna kita."

"Ano po `yan, ang bango?" Parang mga beef strips with veggies ang hinuhubaran ni Aling Lita ng cling wrap.

"Ito ang pigar-pigar kung tawagin dito. Paborito ito ni Sir."

Parang beef na may cabbage lang naman pero mabango. Bagong luto talaga.

"Kalabaw ito, ha. `Yon talaga ang ginagamit sa ganito. Nilalagyan ko ng kaunting atay, `yon ang gusto ni Sir. `Tapos, ito, bangus Dagupan, siyempre." Iyong daing na bangus naman ang hinubaran nito ng cling wrap. May kasama iyong atchara at itlog na maalat.

"Wow, nagutom ako bigla," amin ni

Agatha.

"Kain na. Kukunin ko na lang mamaya ang mga plato. May mga inumin d'yan sa ref, bahala ka na."

"Opo, salamat po. Um, kayo po?"

"Ah, okay na ako. Tapos na."

Nagpasalamat uli siya sa ale at inihatid ito sa pintuan, at nilantakan na niya ang tanghalian. Past one p.m. na. Kumuha siya ng nakaboteng iced tea sa ref.

Sana ganoon lahat ang BnB. Parang ayaw na niyang bumalik sa Parañaque, magpapaampon na lang siya kay Sir Bobby. Akitin na lang kaya niya? Binata naman. Hindi naman pangit. Hindi rin guwapo pero mukha namang big shot at maganda ang tindig.

"Masarap ang carabao, *inferness*," sabi niya kay Dorcas. Magka-video chat sila habang kumakain siya. Naghihintay na ito kanina pa ng report niya.

"May *inemail* ako sa `yo, basahin mo na lang para makapag-prepare ka ng questions

d'yan."

"Kumain ka na?" tanong niya sa tiyahin.

"Kanina pa. Umorder ako sa Kenny Rogers."

"Ang yaman pala ni Sir Bobby."

"Oo, hindi ka gugutumin n'yan."

"Paano mo nakilala?"

"Listener ko nga. Nagkasakit daw siya, napaglibangan niya ang mga podcast hanggang nakita niya ako. Nagme-message siya, sinasagot ko naman. Hanggang lagi na kaming nagkakausap. Marami siyang alam, hindi nakakaurat kausapin."

"Sa Casino de Monte-Carlo pala kasi nagtrabaho. Hindi naman `yon ubra do'n kung puchu-puchu lang ang alam."

"Oo. Tingin ko, madiskarteng tao."

"Binata pa raw."

"Ano naman?"

"Baka type mo."

"Utang-na-loob, Agatha. D'yan ka na, may gagawin pa ako." Nawala na ito sa screen.

Hindi pa rin niya ito napapaamin kung

lesbian ba o ano. Bakit kasi hindi na lang niya tanungin nang deretso? Nahihiya pa rin siya.

Binuksan na lang niya ang email, binasa ang padala ni Dorcas tungkol kay Slasher Princess. Kung saan nito nakalap ang impormasyon, ewan niya.

Princess Amelie Magno. Fifteen years old. Enrolled sa Miriam College, pero isang linggo na iyong absent nang maganap ang trahedya. Ayaw mag-comment ng school, naglabas lang ng press statement. Wala ring makikitang pictures. Kung mayroon man, pixilated. Minor daw si Amelie, kailangan protektahan even in death, kahit killer. Mayaman at maraming koneksiyon ang pamilya ng ama nito kaya pupusta si Agatha, mas pinoprotektahan ng pamilya ang pangalan niyon kaysa kay Amelie.

Ayon sa bali-balita, sa mga anonymous comment sa Facebook posts na may kinalaman sa kaso, nagbago raw si Princess Amelie days after her fifteenth birthday. Prior to that, ordinaryong teenager lang iyon.

Hindi raw nagbago ang pananamit, dahil na rin most of the time ay naka-school uniform, pero sa kilos raw at pananalita, biglang ibang-iba na. Naging aloof, lumayo sa mga kaibigan. Hindi na interesado sa schoolwork. Lagi na lang daw nag-iisa, nagdo-drawing at sumusulat ng mga tula.

May kakilalang nag-screenshot ng short poem na pinost ni Amelie sa X, formerly Twitter, before Amelie herself deleted the account.

*I now see what a blade's meant to be*

*And they'll never know how I came to foresee…*

At base sa email ni Dorcas, napo-foresee na rin ni Agatha kung ano ang binabalak ng tita niya. May mga psychiatrist pa na binanggit bilang future resource people, forensic doctors, PNP officers. Dorcas would talk about the case to keep it interesting, vlog about it, and then finally, write a book about it.

And Agatha would help her aunt. Hindi

pa pala siya makakapag-resign kay Dorcas. Willing naman siyang tulungan ang tiyahin sa pangarap nito, pero tama kaya para sa sarili niya? Hindi kaya nabubuhay na lang siya para suportahan ang tiyahin?

Paano ang sarili niyang pangarap?

Ano ba ang sarili niyang pangarap?

# Chapter 6
## *Andrea*

KANDAIYAK SIYA kay Ed sa video call. “Nasaktan ko si Kendra kanina. Nabigla ako. Nasampal ko. Umalis siya na masama ang loob.”

“Ha? Bakit?” Afternoon break ni Ed at halos araw-araw, sa ganoong oras sila nagkakausap. Nauuna ng apat na oras sa Pilipinas kaya alas-sais na ng hapon sa Dubai. May tatlong oras na bakante ang asawa niya bago magsimula ang panggabing trabaho na matatapos naman sa hatinggabi. Alas-singko ng umaga, simula na uli ng trabaho. May break ng alas-dose ng tanghali hanggang alas-

tres dahil kainitan iyon. Kapag ganoong oras naman, busy si Andrea sa anak at sa gawaing-bahay.

Sinabi niya ang nangyari.

Napabulalas uli si Ed. "Ha? Nasaktan si Kenny?"

"More on natakot, nagulat sa ate niya. H-hindi naman nasaktan," kaila ni Andrea. May bukol sa likod ng ulo si Kenny, sinlaki ng piso. Tumama siguro sa center table nang isalya ni Kendra. Iyon ang kutob ni Andrea na nangyari dahil itinuturo ni Timmy ang braso at iminumuwestra ang pagkatumba.

*"`Te `to, awwwch."* (si) ate, ito (braso), ouch. Medyo may delay sa speech si Kenny. Pero hindi naman daw iyon unusual sa mga baby boys sabi ng pedia. Lagi talagang late ang mga iyon mag-mature at nauunahan ng baby girls.

"Kausapin ko na lang mamaya pagdating," sabi ni Ed. Mukha itong mas bothered pa kaysa kanya at alam niya kung bakit.

"Huwag mo namang pagalitan. Nabigla

rin `yon kaya nasigawan si Kenny at nakapagsalita nang ganun. Pinaghirapan talaga ni Kendra `yong project, hatinggabi na halos natulog dahil ang dami ring assignments. Stressed na siguro si Kendra."

"Pero dapat mahinahon pa rin siya kay Kenny. Mas matanda siya, bata `yan."

Tumango si Andrea. "Pagsasabihan ko uli mamaya." Ang problema, hindi niya alam kung paano gagawin iyon nang hindi iisipin ni Kendra na mas mahal niya si Kenny.

Selosa si Kendra. That was a fact. Maliit pa lang ito ay pansin na ni Andrea na parang may malalim na insecurity. Masyadong maramdamin. Well-behaved kadalasan pero parang paraan lang iyon ni Kendra para katuwaan at purihin. Like an act.

Nanghilakbot si Andrea sa naiisip. Anak niya si Kendra at teenager na, natural lang na maghanap ng validation, recognition, at praise. Tandang-tanda ni Andrea na excited naman si Kendra nang sabihin niya na buntis siya at mukhang magtutuloy-tuloy. Yumakap

ito sa kanya, bumulong na sana raw, baby girl. Sinabihan pa siya ng "I love you." Hinalwat nito sa taguan ang mga lumang laruan, hinugasan sa banyo. Para daw sa baby paglabas.

Iyon nga lang, nang lumipas ang mga buwan, nahalata ni Andrea na naging iritable si Kendra. Inisip niya na dala lang iyon ng pag-aalala nito sa kanya. Dahil nga siguro sa edad niya, laging masama ang pakiramdam niya noon at kailangan niya ng bed rest. Alam niya na sobrang takot para sa kanya si Kendra dahil ipinakita nito isang beses ang Google search tungkol sa mga komplikasyon ng pagbubuntis at panganganak ng mga babaeng may-edad na.

"`*Ma, it's okay to terminate if you're in danger. Don't get me wrong, I want a baby sister, but I don't want to lose you. I'd rather be alone than without a mom.*"

Touched na touched si Andrea doon. Niyakap niya nang mahigpit si Kendra at paulit-ulit na in-assure na walang

mangyayaring masama sa kanya.

Napukaw ng boses ni Ed ang alaala niya. “Okay. Sige na, dalhin mo na `yang project sa school. Kumustahin mo na rin sa mga teachers niya,” bilin nito.

“Okay,” sagot niya kahit hindi niya puwedeng i-ambush ang mga teacher. Kailangan muna niya ng appointment. As far she she was concerned, she didn’t need to. Okay ang grades ni Kendra.

“`Tawag ako mamaya.”

“Bye, Papa. Say bye-bye to Papa.” Pinakaway niya sa screen ang bunso.

“Pah! Pah!” sabi nito, dinukwang at itinulak ang screen ng laptop.

“No, don’t do that. That’s bad, Kenny.”

“Bah!” Mukha naman niya ang itinulak nito.

“Stop nga, eh. Kaya nagagalit sa `yo si Ate, eh. Bad ka,” kastigo niya.

“Bah, Mam-ma!”

“Ikaw ang bah!” Sa totoo lang, mukhang may katigasan nga ang ulo si Kenny. Kaso

hindi niya magawang magalit. He was so… adorable. Kenny was her miracle and she loved him so much.

# Chapter 7
## *Scarlett*

"HI!"

Napalinga si Scarlett mula sa pagmumuni-muni sa mga laman ng dala-dala niyang kahon.

"Oh, hi to you, too!" bati niya kay Kendra. Nasa bike ito, naka-shorts at crop top, mataas ang ponytail. Namumula na ang pisngi nito, mukhang kanina pa nagba-bike.

Bumaba si Kendra sa bike at iniwan iyong nakahiga sa tabi ng kalsada.

"Pabalik-balik na `ko dito kanina pa. Nahiya lang akong kumatok, hindi kasi ako sure kung ito nga bahay n'yo." Lumapit ito sa

kanya.

Sinalubong ito ni Scarlett sa gitna ng driveway. “Paano mo naman nasabi na baka dito ako nakatira?” Hindi naman niya natatandaang sinabi niya ang pangalan ng street nila kay Kendra.

“Umm, those,” turo ni Kendra sa mga watawat ng US na nakasabit sa balkonahe sa itaas ng bahay.

“Oo nga, `no.” It was cringey, kung siya ang tatanungin. OA ang pagka-patriotic ng adoptive father niya. *Ewww.*

“Ano `yong isa?” Sa dalawang watawat pa rin nakatingin si Kendra. Ang isa ay US flag. The other was...

“Southern Cross. That’s, uh… the Confederate flag. It’s a-an American thing.” Naka-tattoo rin iyon sa braso ng papa niya.

“And what’s that?” tukoy naman ni Kendra sa kahon.

“Just junks. Iiwan ko na lang do’n sa may garahe. Bawal pa daw kasing maglabas ng basura.”

"You're throwing pictures?" Nakasilip si Kendra sa nakabukas na kahon.

"Uh, mga extra copies na `to."

"Ahhh," tango ni Kendra, sa kahon pa rin nakatingin. "Is that you? With curly hair?"

Akmang kukunin nito ang nasilip na picture pero pinigil ito ni Scarlett. "`Wag. Ampangit ko d'yan." Tinakpan niya ng lumang notebook ang litrato.

"Sorry," sabi ni Kendra.

"Okay lang."

At may dumaang anghel. Hindi alam ni Scarlett ang gagawin. Ang tama at natural gawin ay yayain sa loob ng bahay si Kendra, pero ayaw niya.

Bukod sa makalat ang bahay nila, there was also that cabinet. Sa papa rin niya iyon. Kahit obviously ay walang ideya si Kendra kung ano ang kahulugan ng Southern Cross Flag sa kasalukuyang panahon, tiyak naman na kilala nito ang iba pang watawat sa memorabilia cabinet ng kanyang papa, among other things.

"Ahmm, lagi ka bang nagba-bike?" tanong na lang niya.

"`Pag Friday at Saturday afternoon. `Dami kasing assignments `pag may pasok. "May bike ka ba?"

"Wala, eh. Saka hindi ako marunong."

"Turuan kita."

"Parang nakakatakot."

"What?" Kendra made face. "Don't be silly. Tara."

"N-ngayon na?" Gusto niya, kaya lang, pinaglilinis siya ng kanyang mama at malamang, nagtataka na iyon kung bakit hindi pa siya bumabalik sa loob. Baka lumabas iyon at…

"Duh," usal ni Kendra.

Nilinga ni Scarlett ang front door nila dahil narinig niyang bumukas. At nangyari na ang ayaw niyang mangyari.

"Scarlett!" sigaw ng kanyang mama mula sa pintuan. Napatingin siya kay Kendra at kitang-kita niya ang shock sa mukha ng kaibigan.

Dahil mukhang pokpok ang kanyang mama.

Because the woman used to be one.

An old, ugly, and emaciated ex-whore.

"Tinatanga mo r`yan? `Dami pang gagawin, eh," talak pa nito. Humithit ito sa hawak na sigarilyo at bale-walang pinitik ang upos.

Nanliit si Scarlett sa kahihiyan.

"M-mama mo?" sabi ni Kendra, hindi naitago ang disgusto at halata ring nahihiya at naaasiwa para sa kanya.

"Oo. Uh, sige, ha. Pasok na `ko sa loob," aniya.

"S-sige. Um, pasyal ka sa bahay `pag wala kang magawa. Twenty-five Arles," banggit ni Kendra sa address. Mga city sa Europe ang street names sa subdivision.

Tumango siya at tinalikuran na si Kendra. Dinala niya sa pintuan ng garahe ang kahon. Naroroon na ang mga kasamahan niyon; mga gamit na kailangan niyang itapon. Ayaw niya, mas gusto niyang ipunin dahil sa mga

alaalang hatid ng mga iyon, pero wala siyang choice.

Nagtuloy-tuloy na siya sa garahe nang maibaba ang kahon. Sa pinto doon siya dumaan papasok sa bahay. Deretso sa kusina ang maiksing hallway. Nakasandal sa lababo ang kanyang mama, may panibagong yosi sa isang kamay, baso sa kabila.

"Sino `yong kausap mo? Tagarito?" tanong sa kanya.

"Si Kendra. Kasabay ko sa service—"

Parang nagulat ang kanyang mama. "Kendra? `Yon si Kendra?"

"Kilala mo?"

"Ano'ng apelyido?" tanong ng mama niya imbes na sagutin siya.

"Simon."

"I see." Parang pleased sa narinig ang kanyang mama.

Pumasok sa kusina ang papa niya. Hindi sila pinansin, dumeretso lang sa ref, kumuha ng beer. Binuksan nito iyon gamit ang lighter na nasa ibabaw ng ref, saka ibinato sa mama

ni Scarlett ang tansan. Sa mukha tinamaan ang babae.

"You know I hate getting up when I'm working," sabi ng papa niya.

"I *sed weyt.* I *eym towking* to *yor dawter.*"

"That's not my daughter." At iniwan na sila ni Colton Quinn.

Pandak ito para sa isang Amerikano kung tutuusin; nasa five-eight lang. Payat din. Malaki ang tiyan. Pakalbo na pero in denial, pinapahaba pa ang buhok na light brown. Iyon din ang kulay ng mga mata nito. Mahaba at mataas ang ilong pero walang baba. Mukhang ibon.

An ugly man.

An ugly woman.

*Ladies and gentlemen, my parents.*

Sa lahat siguro ng ampon, si Scarlett lang ang natutuwa sa bagay na iyon. Natutuwa siya na hindi niya kadugo ang dalawa. Kaya basta nakasilip siya ng pagkakataon, sinasabi agad niya sa kausap na ampon lang siya.

*For the record.*

Okay lang naman ang maging pangit, eh. Kung okay naman ang asal. Kung disente ang kilos, pananalita at pananamit. Kung hindi walwal at barubal.

Ang adoptive parents niya, pangit na nga sa panlabas, pangit din sa panloob.

Pinulot niya ang tansan at inilagay sa basurahan.

"*Yu pinish hir*, I will go to bed," sabi ng kanyang mama.

"Maghapon ka nang tulog," comment niya.

"Pagod ako, eh. Pagod na pagod na." Sa mga nakatambak na hugasing plato nito pinatay ang yosi, sa bintana sa itaas ng lababo itinapon ang upos.

Tiningnan niya ito. Wala pa namang fifty ang edad pero mukha nang seventy. Sobrang kulubot, sobrang dry. Kinulayan ng blonde ang buhok pero litaw na ang salt and pepper na roots. Kulot-kulot pati bangs.

Nakasuot ito ng maiksi at ripped na maong shorts, litaw ang violet na panties, may

kupas na tattoo ng sunflower sa pusod. Kita ang pusod nito at ribs dahil maiksi ang sandong maroon. Walang bra, bakat na bakat ang laylay at natuyot na suso. May hyperthyroidism daw ito kaya ganoon ang katawan at kutis. Iyon din raw ang rason kaya hindi nagkaanak at nag-ampon na lang.

Pero ang bukangkang na ilong, ang maitim na gilagid, ang ngusong nakaismid at ang pagkasakang, in born.

Sinimulan nang hugasan ni Scarlett ang mga plato. Sana, iba na lang ang nakaampon sa kanya.

*Sana mamatay na `tong dalawang `to.*

Iniwan na siya ng ina sa kusina, umakyat na ito. Binuksan agad ni Scarlett nang mas maluwang ang bintana pati ang screen door para lumabas ang mabahong usok ng yosi.

Binalikan niya ang mga hugasing plato. Hindi issue sa kanya ang mga gawaing-bahay. Gustong-gusto pa nga niya dahil kumakalma siya. Nakakagaan ng pakiramdam ang proseso ng pagsasaayos sa mga gamit; iyong isa-isa

niya iyong maibabalik sa tamang lalagyan o patungan; iyong unti-unting pagkaubos ng kalat. Kayang-kaya niyang ubusin ang maghapon sa paglilinis. At hindi siya mauubusan ng lilinisin, ng liligpitin. Balahura ang mga kasama niya.

Nang matapos niya ang mga hugasin at malinis na rin ang buong counter, lumipat siya sa salas dala ang walis tambo.

Mga abo ng sigarilyo—pati si Colton, nagyoyosi—tansan, mga buhok—kasama na ang mga bulbol, wrappers ng kung anu-ano, iyon ang mga winawalis niya sa umaga, tanghali, at gabi.

Huminto siya saglit para damahin ang likod ng balikat na sumakit pagyuko niya. Magaling na ang sugat niya doon pero minsan, kumikirot pa rin.